1 Lisensya sa pagmamaneho ng sasakyan (driver's license)

1-2 International driving permit at lisensya na ipinagkaloob sa ibang bansa

(1) International driving permit

Ang mga mayroong lisensya na ipinagkaloob sa mga bansang kasali sa Geneva Convention ay maaring magmaneho sa Japan sa nabanggit na panahon.

●Ang natatadhanang haba ng panahon na maaaring gamitin ang Internasyonal na lisensya

Ang panahon kung hanggang kailan maaaring magmaneho na gamit ang internasyonal na lisensya ay hanggang isang taon mula sa araw na pagpasok sa Japan o hanggang sa kung kailan lamang ito balido sa loob ng nabanggit na isang taon. Ngunit tandaan na ang nakatala o nakarehistro bilang isang dayuhan kung lumabas ng Japan at bumalik ulit sa Japan sa loob ng wala pang 3 buwan, bilang ang mga araw na wala sa Japan sa isang taong nabanggit. Kung kaya't ang unang pagpasok sa Japan ang simula ng bilang ng isang taon.

●Kasunduan tunkol sa trapiko sa mga kalye (Geneva Convention) Mga bansang kasapi sa kasunduan

[Noong Mayo 14, 2007]

Albania	Algeria	Argentina	Australia
Austria	Bangladesh	Barbados	Belgium
Benin	Botswana	Bulgaria	Cambodia
Canada	South Africa	Chile	Congo
Cote d'Ivoire	Cuba	Cyprus	Czech Republic
Congo	Denmark	Dominica	Ecuador
Egypt	Fiji	Finland	France
Georgia	Ghana	Greece	Guatemala
Haiti	Vatican	Hungary	Iceland
India	Ireland	Israel	Italy
Jamaica	Japan	Jordan	Kyrgyz Republic
Laos	Lebanon	Lesotho	Luxembourg
Madagascar	Malawi	Malaysia	Mali
Malta	Monaco	Morocco	Namibia
Netherlands	New Zealand	Niger	Norway
Papua New Guinea	Paraguay	Peru	Philippines

Poland	Portugal	South Korea	Rumania
Russia	Rwanda	San Marino	Senegal
Sierra Leone	Singapore	Slovakia	Central Africa
Spain	Sri Lanka	Sweden	Syria
Thailand	Togo	Trinidad and Tobago	Tunisia
Turkey	Uganda	England	United States of America
Venezuela	Serbia	Montenegro	Zimbabwe
United Arab Emirates			
Purok	Hongkong	Macao	
(93 bansa at 2 pook)			

http://www.pref.aichi.jp/police/menkyo/99_kokumen.html#teiyaku

(2) Pagpatuloy ng paggamit ng international driving permit

Dahil ang international driving permit ay ipinagkaloob ayon sa batas ng sariling bansa kaya ito ay hindi maaring i-renew sa Japan.

Kung lumampas na ang bisa ng international driving permit, ito ay kinakailangang irenew ulit. Kung mananatili sa Japan ng isang-taon o mas mahigit pa ipinapayong kumuha ng lisensyang ipinagkakaloob ng Japan.

(3) Lisensya na ipinagkaloob sa ibang bansa

Ang lisensyang ipinagkaloob sa Germany, Switzerland, France, Belgium, Taiwan at Italy kung mayroong pagsasalin sa wikang Hapon ay maaring gamitin upang makapagmaneho sa Japan sa loob ng isang taon magmula sa pagdating sa Japan. Ang natutukoy na pagsasalin sa wikang Hapon ay ang pagsasalin na isinagawa ng ahensya na nagpakaloob ng lisensya, ang embahada ng bansa sa Japan o ng Japan Automobile Federation (Basahin ang JAF・2-4).

Tandaang kailangan ang mga papeles na nabanggit kasama ng pasaporte tuwing nagmamaneho.